



PILIPINO A2 – HIGHER LEVEL – PAPER 1
PILIPINO A2 – NIVEAU SUPÉRIEUR – ÉPREUVE 1
FILIPINO A2 – NIVEL SUPERIOR – PRUEBA 1

Thursday 13 May 2010 (afternoon)
Jeudi 13 mai 2010 (après-midi)
Jueves 13 de mayo de 2010 (tarde)

2 hours / 2 heures / 2 horas

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Section A consists of two passages for comparative commentary.
- Section B consists of two passages for comparative commentary.
- Choose either Section A or Section B. Write one comparative commentary.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- La section A comporte deux passages à commenter.
- La section B comporte deux passages à commenter.
- Choisissez soit la section A, soit la section B. Écrivez un commentaire comparatif.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- En la Sección A hay dos fragmentos para comentar.
- En la Sección B hay dos fragmentos para comentar.
- Elija la Sección A o la Sección B. Escriba un comentario comparativo.

Piliin ang alinman sa Seksyon A o Seksyon B.

SEKSYON A

Suriin at paghambingin ang mga sumusunod na teksto.

Talakayin ang pagkakahawig at pagkakaiba ng mga teksto at ang kanilang tema. Isama sa komentaryo ang mga paraan ng mga awtor sa paggamit ng mga elemento tulad ng istruktura, tono, imahe, at iba pang istilistikong pamamaraan para iparating ang kanilang mga layon.

Teksto 1

Pilipino Para Sa Mga Intelektuwal

Bukod pa sa mga damdaming makapangkat na tutol sa Pilipino bilang wika ng bansa, may dalawang bagay na nananatiling sagwil. Ang mga ito ay umiiral na palagay ng kahit mga taal¹ na Tagalog: (a) ang kakulangang-tiwala sa kakayahan ng Pilipino bilang wikang intelektuwal, at (b) ang pangambang maiwan sa kaunlaran ng pag-iisip kung tumiwalag nang
5 tuluyan sa wikang Ingles.

Upang tunay na umunlad ang wika, kinakailangan ang tulong ng mga intelektuwal at pantas, yamang sila ang tanging makapagbubuhos doon ng mga kaisipan at karunungan hango sa kanilang pagdadalubhasa sa Ingles at iba pang wikang dayuhan. Tungo sa pagbubuklod ng kaisipang katutubo at ng mga kaisipang bago, isang kongkretong pamamaraan ang pagsasalin.

10 Dalawang mahalagang bagay ang ibinubunga ng pagsasalin: (a) nasisiyasat at nasusubok ang mga hanggahan ng wikang pagsasalinan, at sa gayon ay natutuklasan ang kakayahan ng wikang maglaman ng mga konseptong dayuhan, at – lalong mahalaga – (b) natutuklasan nang madali kung alin sa mga konseptong bago at dayuhan ang akma sa diwang Pilipino, at alin ang asiwa o tahasang walang-wawa².

15 Walang suliranin sa larangan ng mga pangalan. Maaaring itawag ang anumang salita (katutubo o dayuhan) para sa mga bagay. Tulad ng mga ngalan ng tao, hindi kailangan ng makabuluhang pag-uugnay ng pangalan at ng pinapapangalanan. Kaya hindi dapat gawing suliranin ang pagpili ng mga termino sa larangan ng mga agham at teknolohiya.

20 Ngunit sa mga kaisipang pantao, mahalagang pag-aaralan ang mga ipinahihiwatig ng estruktura at idyoma ng wikang Pilipino. Sa pangungusap ng katutubo matutuklasan ang mga pagpapahalagang katutubo. Kung maluwag na naisasalin sa Pilipino ang mga pangungusap na banyaga, makikilala rito ang pagkakawangis ng ating lahi at kalinangan sa ibang mga lahi at kalinangan. Kung may pangungusap na hindi maisalin sa Pilipino kahit ng dalubhasa, mahihiwatigan dito, hindi ang kakulangan ng wika, kundi ang ating pagkakaiba sa mga dayuhan.

25 Sa kasamaang palad, nasasangkot tayo sa isang kabalintunaan. Sapagkat hindi pa pinagbubuhusan ng pansin ng mga intelektuwal ang paggamit sa Pilipino, hindi pa nito natatamo ang maunlad na kalagayan ng mga pangunahing wika sa daigdig. At dahil hindi pa nga gayon ang kalagayan ng wikang Pilipino, patuloy itong binabalewala ng mga pantas at dalubhasa.

30 Sa kabilang dako, iginigiit kong sa anumang larangang pantao, hindi natin malilinang nang
ang tanging paraan ng pagsusuri at pananaliksik na makapagsisilbi sa atin, sapagkat ito ang
makatutuklas ng mga katotohanang nauukol sa atin. Tayo ang dapat na maging hulo at dulo ng
ating mga pag-aaral. Walang silbi ang dalubhasang napakagaling sa pag-unawa sa buhay at
35 Pilipino.

Halaw mula sa artikulong pandyornal ni Rolando S. Tinio, *Sagisag* (Agosto 1975)

¹ taal: katutubo, likas

² walang-wawa: walang kabuluhan, walang kahulugan

Teksto 2

Agham Sa Wikang Filipino, Bakit Hindi?

Normal ang tawanan sa klase ni Dekano Fortunato Sevilla III ng UST¹ College of Science. Ayon sa estudyante niyang si Hazel Leque, ikatlong taon sa Chemistry, kwela at hindi nakakaantok ang mga leksyon niya dahil sa kakaiba ngunit epektibong istilo – ang pagtuturo ng agham sa salitang Filipino. “Mas nagiging aktibo kami sa klase dahil nawawala ang formality,”

5 ani Leque. Ayon sa kanya, higit nilang naiintindihan ang mga mahihirap na aralin sa Chemistry dahil sa pagsasalita ng kanilang propesor sa Filipino.

Para kay Sevilla, ang layunin ng bawat guro ay maintindihan sila ng kanilang estudyante, at nakita niyang madali itong makakamit kung gagamitin ang Filipino sa pagtuturo, lalo na sa mga mahihirap na asignatura sa agham at matematika.

10 “Iba ang dating² ng Filipino sa estudyante,” diin ni Sevilla.

Pilipinisasyon

“Haba ng alon” para sa “wavelength”, “bilis” para sa “speed”, at “tulin” naman para sa “velocity.” Nakakatuwa sa pandinig ngunit naniniwala si Sevilla na higit na mainam gamitin ang wikang Filipino sa klase. “Hindi lamang tayo sanay, ‘wirdo’ lamang dahil hindi natin ordinaryong ginagamit (ang Filipino sa agham),” wika ni Sevilla.

15 Aminado rin ang dekanong na sa ngayon, nahihirapan ang mga siyentipikong talakayin sa Filipino ang mga paksang pang-agham dahil sa limitadong bokabularyo ng Filipino sa mga konseptong teknikal. Aniya, hindi sapat ang wikang Filipino sa mga katawagang pang-agham dahil sa walang pangangailangan para sa mga salitang teknikal noon. Gayunpaman, naninindigan siyang kung palalawakin ang pagtanaw sa wikang Filipino, isang kumpletong

20 diksyunaryong pang-agham na lamang ang kakailanganin.

Ipinagmalaki ni Sevilla na isa sa mga maituturing na simula sa paggamit ng Filipino sa agham ang *Talahulugang Pang-agham: Ingles-Pilipino* (UST Press) na isinulat noong 1977 ni Jose Reyes Sytangco, isang Tomasinong doktor. Naglalaman ang talahulugang ito ng maraming katumbas ng mga salitang Ingles: mula sa sistemang Maignayin³, sa ilang wikang katutubo,

25 Español, at Ingles na mayroon at walang pagbabago sa ispeling.

Pangangailangan

Ayon sa Komisyon sa Wikang Filipino, ang dalawang pangunahing suliranin sa pagpapairal ng isang patakarang pangwikang Filipino sa pagtuturo ay ang pangangailangan ng mga babasahin at gamit na panturo sa Filipino, lalo na sa agham, matematika, at teknolohiya; at ang kawalan ng pagkakasundo sa uri ng Filipinong gagawing modelo sa pagtuturo at pag-aaral. Ayon pa

30 kay Sevilla, bihirang-bihira ang mga siyentipikong nagbibigay ng lecture na teknikal sa Filipino kaya hinihikayat niya ang mga mananaliksik sa UST Research Center for Natural Sciences na magbigay ng panayam na teknikal sa Filipino.

Taon-taon, dalawang propesor ang nagbibigay ng lecture sa Filipino tungkol sa mga masusulong o pinakabagong paksa sa agham at teknolohiya, tulad ng semikonduktor, optical fibers, 35 organikong metal, sangkap ng mga halamang panggamot, at spektroskopi. Naniniwala si Sevilla na kailangan pa rin ang Ingles, ngunit hindi ito nangangahulugang Ingles lamang ang dapat gamitin sa mga diskursong pang-agham.

“Kailangang gamitin ang Filipino upang mapaunlad at malaman kung ano ang kulang sa wika, kung anong salita ang wala,” aniya. “Kung hindi natin gagamitin, hindi magkakaroon ng 40 Filipino sa agham.”

Lathalaing pampahayagan ni Jefferson O. Evalarosa,
The Varsitarian: The Official Student Publication of the University of Santo Tomas (Agosto 6, 2005)

¹ UST: University of Santo Tomas

² dating: epekto, o kumbaga’y *appeal* sa wikang Ingles

³ sistemang Maugnayin: *amalgamating approach* o paraan ng pagpili ng bokabularyo na kumakatawan sa lahat ng wika ng arkipelago ng Pilipinas.

SEKSYON B

Suriin at paghambingin ang mga sumusunod na teksto.

Talakayin ang pagkakahawig at pagkakaiba ng mga teksto at ang kanilang tema. Isama sa komentaryo ang mga paraan ng mga awtor sa paggamit ng mga elemento tulad ng istruktura, tono, imahe at iba pang istilistikong pamamaraan para iparating ang kanilang mga layon.

Teksto 3

Greta Garbo¹

– Aba, anong oras na ba? – ang tanong niya sa sarili sabay tingin sa kanyang orasang platino². – Naku! Isang minuto na lamang! Wala pa si Octavio? Saan kaya nagtungo ang taong ito? Baka kaya naman siya napahamak, a?

Wala namang sino mang tumugon sa kanya. Ang ginawa ni Monina ay nagtindig.
5 Inilabas ang kalahati ng katawan sa bintana. May nakita siyang humahabol na lalake. Maganda ang bikas. Makisig ang damit. Akala niya’y si Octavio na nguni’t nang malapit ay hindi naman. Kinapa niya ang bilyete niya sa kanyang bulsa. Naroon ang dalawang tiket hanggang Bamortis saka sa automobil hanggang sa Bagyo³. Hindi maaaring hindi dumating si Octavio. Si Octavio ang kumuha ng kanilang tiket, tatlong araw bago dumating ang araw ng
10 pag-akyat nila sa Bagyo.

Sumipol uli ang lokomotora⁴. Isang sipol na lamang at lalakad na. Halos mahulog na siya sa pagtanaw sa pintuan ay wala siyang makitang anino man lamang ni Octavio. Sa pangangawit niya’y napalingon siya sa kanyang kinauupuan. Nakita niya ang *Tribune* na binili niya nang umagang yaon. Sa pagkakasabog ay tumambad sa kanya ang *society page*. May nasulyapan
15 siyang *cliché*⁵ na nakatawag ng kanyang pansin. Isang babae at isang lalake. Tila namumukhaan niya ang lalake.

Nalimutan niyang isang sipol na lamang at tuloy-tuloy na ang *express* sa Bagyo. Iniurong sa loob ang katawan ni Monina at dinampot ang pahayagan. Kamukha ni John Gilbert⁶ ang lalake. Makapal ang kilay, buhay na buhay ang mga mata, matangos ang ilong at may
20 kaunting bigote sa nguso. Sapagka’t kamukha ni John Gilbert ay kamukha rin ni Octavio. Binasa niya ang itaas ng balita:

“MAG-ASAWANG MAGDARAOS NG PIGING DAHIL SA UNANG TAON NG KANILANG PAGKAKASAL”

Ibinaba niya ang tingin upang kilalanin kung sino ang dalawang mapalad na nakatapos ng
25 365 araw na pagsasama sa ilalim ng bubong ng isang tahanan. Naku! Si Octavio Razon ang lalake at si Magdalena Reyes ni Razon ang babae.

Naduling si Monina sa kanyang nabasa. Ibig niyang maniwala at ibig niyang huwag. Hindi niya napansin ay sumipol na ng ikatlo ang lokomotora. Ang mga bakal sa kapwa bakal ng mga kotse ay nagkapingkian na’t walang iniwan sa isang mahabang ahas na nagsisikala ng
30 paggapang sa daang-bakal ang mas mahabang *express*. Ano ang kanyang gagawin? Magpatuloy ba sa Bagyo at bahala na? Magpaiwan at maghabol sa hukuman sa ginawang pagdaya sa kanya? Naniwala rin siya sa balita sapagka’t hindi dumarating si Octavio.

– Ah, magdaraya! – ang buong galit na nasabi ni Monina sabay tapon sa pahayagang lumason sa kanyang dibdib, saka sinambulat ang kanyang daladalahan at patakpong nagtungo sa plataporma. Hinabol siya ng isang konduktor subali’t matuling nakatalon sa lupa.

Ang galing ni Monina Vargas sa *skating*, sa pagtalon sa tubig kung gumagawa ng *fancy diving* ay nasira. Ang mataas niyang takong ay natalapyok at ang mukha niyang may kulay, ang labi at pisngi saka ang kapupulbos pa lamang na ilong may labinglimang minuto lamang ay siyang nangudngod sa lupa. Nang ibangon siya ng mga unang dumalo ay nakitang walang iniwan sa kanyang dati’y magandang mukha kundi ang kanyang mga singkit na mata na ang dating kislap ng pag-ibig ay ganap na nilambungan ng masinsing engkahe ng mapait na luha.

Gayon man, ang batang binilhan niya ng *Tribune* na nakatanda sa kanyang kaayaayang mukha at isang suki sa sine *Ideal* ay isa sa mga unang nakalapit at sumaklolo sa kanya.

– Alahuy! – ang sigaw ng bata – Nahulog sa tren si Greta Garbo!

Sipi ng maikling kuwento ni Deogracias Rosario, *Katha*, Soledad S. Reyes, ed. (1994)

-
- ¹ Greta Garbo: (1905–1990) – aktres na Swedish-American noong panahon ng mga *silent film* sa Hollywood; isa sa pinakamaningning at pinakamisteryosong bituin ng Hollywood. Naging tanyag ang kanilang tambalan ni John Gilbert sa mga pelikulang *Flesh and the Devil* (1926) at *Love* (1927).
- ² platino: platinum
- ³ Bagyo: lumang baybay ng Baguio, ang *summer capital* ng Pilipinas na matatagpuan sa probinsiya ng Benguet sa hilaga.
- ⁴ lokomotora: locomotive, train
- ⁵ cliché: printer/press stereotype
- ⁶ John Gilbert (1899–1936) – Amerikanong aktor at pangunahing bituin ng *silent film era*. Nakatakda sana siyang magpakasal kay Greta Garbo ngunit hindi siya sinipot ni Garbo sa araw ng kanilang kasal.

Teksto 4

Kay Nora Aunor*

Sabi nila may sakit at lalim
siyang di matarok
Umibig kaya siya at di nakalimot?
Ang pelikula kaya'y paulit-ulit
5 na ensayo
at kung minsan, ang gabi
ang tunay na entablado?
Walang saksi
tahimik ang pagtatanghal
10 at umaagos, umaagos
ang luhang matabang —
walang alat na inaanod
walang hapding hinihilom —
Ngunit walang tinag pa rin ang pag-agos
15 sapagkat ang pusong di lumilimot
ay nasa bukana nitong misteryo:
Iisa ang hapis at pag-asa.

Tula ni Jean Page, *Katha*, Soledad S. Reyes, ed. (1994)

* Nora Aunor: ang kilalang Superstar ng pelikulang Pilipino, ay premyadong aktres at singer na itinuturing na bituin na walang kaparis dahil sa kanyang kagila-gilalas na pag-arte – malalim, tahimik, punung-puno ng di-maipaliwanag na sakit na mababanaag lamang sa tipid na kilos, kislot ng mukha, at ekspresyon ng mga mata.
